TOMO 10 BILANG 6 | ISSN NO. 2599-5405 | HUNYO 2023

SULONG
ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI

# CARD MBA, CIC PARTNERSHIP, MAGBABAHAGI NG HUSAY SA MICROINSURANCE

*ni Jean Pauline Landicho*




**Pagpapalakas ng Microinsurance,** *Mula kaliwa pakanan: CIC Life Assurance Ltd. Managing Director Mr. Meshack Miyogo, CARD MRI Founder at Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, CARD MBA Chief Executive Officer Ms. Jocelyn D. Dequito, CIC Insurance Group Chief Executive Officer Mr. Patrick Nyaga, CIC Insurance Group Chairman Dr. Nelson Kuria, at CARD MBA Deputy Director for Admin and Finance Ms. Janet D. Caneo.*

Nilagdaan ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA), Inc., isang miyembrong institusyon ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI), at CIC Insurance Group Plc. ng Kenya, Africa ang isang *Memorandum of Understanding* (MOU) na naglalayong magbahagi ng kaalaman at kahusayan sa pagitan ng dalawang institusyon. Ang nasabing paglagda ay isinagawa sa CARD MBA Head Office, San Pablo City, Laguna noong Hunyo 1, 2023.

Ang CIC ang pinakamalaking grupo ng *insurance* sa Kenya, habang ang CARD MBA ay nananatiling pinakamalaking *mutual microinsurance* sa Pilipinas.

Susuportahan ng CARD MBA ang CIC sa pagtatatag ng *Microinsurance Academy*, pagsasagawa ng *Microinsurance Company*, at pagbuo ng mga produktong *life and non-life microinsurance*. Sa kabilang banda, ang CARD MBA ay kukuha ng kaalaman mula sa husay ng CIC sa *non-life insurance* at *asset management*. Layunin nitong bumuo ng isang tuloy-tuloy na *learning exchange program* sa pagitan ng dalawang institusyon.

Ang *partnership* ay nabuo ng dalawang partido sa ika-100 taong anibersaryo ng International Cooperative and Mutual Insurance Federation (ICMIF) Foundation na pinangunahan ng Pangulo nito na si G. Sabbir Patel sa Rome, Italy.

Ang MOU ay magtatagal ng tatlong taon (2023-2026) at ire-renew batay sa *mutual agreement* ng mga partido.

## CARD SME BANK LAPU LAPU, BUKAS NA SA BAGO NITONG LOKASYON

*ni Harlene Reyes*

Binuksan ng CARD SME Bank Lapu Lapu City ang bagong lokasyon ng sangay nito sa TTK Realty Building, Punta Rizal Street, Poblacion, Lapu-Lapu City noong Hunyo 5, 2023.

Nilalayon ng CARD SME Bank na palakasin ang presensya nito sa rehiyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas pinahusay na mga serbisyong pambangko. Ang CARD SME Bank ay isa sa mga lumalagong *thrift bank* sa bansa,

2

**KWENTONG TAGUMPAY**

## HIBLA NG PAMANANG ILOKANO

*ni Jeffrey Tandingan*

Ang mga habi sa Pilipinas ay nagpapakita ng ating makulay na kultura at tradisyon. Ang Abel Iloco, o mas kilala bilang Abel o Inabel ay kumakatawan sa kultural na pagkakakilanlan ng isang Ilokano. Ang tela na gawa sa bulak ay kilala sa magagandang *pattern*, tibay, at lambot nito.

Tulad ng ibang babaeng Ilokano, si Gundelina Cerezo mula sa Caoayan, Ilocos Sur ay natutong maghabi sa murang edad pa lamang. Namana ni Gundelina at ng tatlo pa niyang kapatid

2

Basahin ang isyung ito upang manalo ng ₱50.00 load via konek2CARD!

**Anong sangay ng CARD SME Bank ang bagong lipat ng lokasyon?**

Ikomento ang inyong kasagutan sa aming KOAderno post sa aming official facebook page @PublishingHouseInc.



## PAGSULONG TUNGO SA DIGITALIZATION: TYM BUMISITA SA CARD MRI

***ni Harlene Reyes***



*Bumisita ang TYM sa opisina ng CMIT upang makilala ang IT providers sa likod ng CARD MRI digitalization.*

**San Pablo City, Laguna**—Bumisita ang Thin Thuong One-Member Limited Liability Microfinance Institution (TYM), isa sa mga nangunguna at unang *microfinance institution* sa Vietnam, sa CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) para sa *digitalization exposure* nito noong Mayo 29-31, 2023.

Nakibahagi ang TYM sa tatlong araw na *microfinance exposure* at *orientation program* sa CARD MRI upang magkaroon ng aktwal na karanasan sa pagpapatupad ng *digitalization* na kanilang gagamitin sa pagbibigay ng mga serbisyo sa kanilang mga kliyente.

"Ang *digitalization* ng CARD MRI ay nagdadala ng mas makabagong hakbang upang makapaghatid ng mas malawak pang benepisyo sa mga kliyente nito," ani TYM Deputy General Director Dao Thanh Trang. Ang *digitalization* nito ay ang magiging kinabukasan ng organisasyon upang makapagbigay sa mga kliyente nang mahusay na serbisyo tungo sa pag-unlad.

"Ang pakikipagtulungan namin sa CARD MRI ay patuloy na magbibigay halaga," pagpapatuloy niya. "Si Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang CARD MRI Founder and Chair Emeritus, ang nagbigay sa amin ng puso sa *microfinance* at naging inspirasyon namin para paunlarin ang aming serbisyo para sa mga mahihirap. Malaking bahagi sa amin ang CARD MRI."

Ang CARD MRI at TYM ay naging magkatuwang mula pa noong 1990s nang si Dr. Alip ay nagsilbi bilang isa sa mga *consultant* na sumuporta sa pagtatatag ng TYM bilang isang *microfinance institution* noong ito ay proyekto pa ng Vietnam Women's Union (VWU).

Ang ugnayan sa pagitan ni Dr. Alip at ng TYM ay nagbigay sa CARD MRI ng isang layunin na ibahagi ang husay nito sa *microfinance* sa mga nagdaang taon.

### Daan patungo sa *digitalization*

Ang CARD MRI ay patuloy na bumubuo ng mga makabagong paraan upang itaguyod ang *financial inclusion* at *poverty eradication*. Sa pagbibigay nito sa pamilyang Pilipino ng akses sa mga serbisyong pinansyal, pinahihintulutan ng

4

## KWENTONG TAGUMPAY

## HIBLA NG ....

1



*Patuloy na hinahabi ni Gundelina Cerezon ang Abel Iloco upang mapanatiling buhay ang pamana ng Ilocos Region.*

ang kanilang husay at kasanayan sa paghahabi mula sa kanilang ina.

Lumipat siya sa Baguio City upang mag-aral at bumuo ng sariling pamilya. Nagtrabaho siya bilang *kitchen assistant* sa isang unibersidad sa Baguio, habang ang kanyang asawa ay nagtatrabaho bilang *driver*. Nagsumikap sila para itaguyod ang kanilang pamilya.

Nang mamatay ang kanyang asawa, nagpasya si Gundelina na mag-isang bumalik sa Ilocos Sur matapos ang 30 taon upang alagaan ang kanyang inang may sakit, habang ang kanyang mga anak na may sarili ng mga buhay ay nagpasyang manatili sa Baguio City.

### Muling paghahabi ng kwento

Ang ina ni Gundelina ang namamahala sa kanilang negosyo ng paghahabi. Bagama't nanirahan siya sa ibang lungsod sa mahabang panahon, hindi nito naapektuhan ang kakayahan ni Gundelina sa paghahabi.

Ipinagpatuloy niya ang kanilang negosyo at nagsimulang maghabi ng *hand towel* at punda gamit ang bulak. Tumatanggap din siya ng mga order base sa pangangailangan ng mga ito tulad ng *bathrobe*. Sa tuwing nakatatanggap ng malakihang *order*, mayroon siyang ibang manghahabi upang tumulong sa produksyon nito. Samantalang ang kanyang mga kamag-anak ang siyang nagbebenta ng mga ito.

Sa loob ng 15 taon, si Gundelina ay isang kliyente ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) kung saan siya kumukuha ng loan upang matugunan ang mga pangangailangan ng kanyang negosyo. Nakatuon ngayon si Gundelina sa pag-iipon sa nasabing *microfinance NGO* at nagbabayad ng kanyang *insurance* dahil naniniwala siya na tiyak ang kanyang kinabukasan kasama ang institusyon.

Sa kanyang edad na 67, nakagagawa pa rin si Gundelina ng 30 piraso ng mga hinabing *hand towel* sa loob lamang ng isang araw. Para sa kanya, kahit mahina na ang kanyang mga kamay, braso, at binti, nananatiling malakas ang kanyang pagmamahal sa paghahabi.

Sa katunayan, pangarap niyang maipasa sa mga bagong henerasyon ang sining ng paghahabi. Bukod sa kanyang mga kamag-anak, tinuturuan din niya ang ibang miyembro ng komunidad kung paano maghabi ng Abel dahil sa pamamagitan nito, ang pamana ng kanyang pamilya ay mananatili sa kasaysayan.

# PATULOY ANG PAMANA

*ni Edrian Banania*




*Hindi sinayang ni Michelle Pascua ang mga pagkakataon na mapabuti ang kanyang negosyo kahit na sa gitna ng mga pagsubok.*

Bukod sa mga mahahalaga at makasaysayang kalye, kilala ang Ilocos Sur sa mga tradisyonal na pagkain nito. Ang resipi sa lugar na ito ay bahagi ng pamana ng mga pamilyang Ilokano na naipasa mula sa isang henerasyon hanggang sa mga sumunod pa.

Ang Vigan longganisa at bagnet ay mga popular na pagkaing Ilokano at nagbibigay ng kita sa maraming lokal na pamilya sa lalawigan.

Ang bagnet at longganisa ni Teresita ay naging tanyag sa Vigan City at Bantay, Ilocos Sur, na ipinagpatuloy ni Michelle Pascua at ng iba pa niyang kapatid matapos yumao ang kanilang lola na si Teresita sa pangakong ipapamana ang resiping ito sa susunod na henerasyon.

Nagsimula ito bilang isang *home-based* na negosyo kung saan tumatanggap sila ng mga order at direktang naghahatid ng mga produkto sa mga bahay-bahay. Nang ibigay sa magkakapatid ang negosyong ito ng kanilang lola, sinimulan nila ang pagpapalago nito. Bumili sila ng pwesto sa palengke, na nagbigay daan upang maabot nila ang mas maraming mamimili at magkaroon ng pangalan sa merkado. "Sinabi sa amin ng aming lola na hindi dapat mawala ang negosyong ito sa aming pamilya," ani Michelle.

Ang mga Ilokanong pagkain na ito ang pinagmumulan ng kanilang kabuhayan dahil sa pamana ng kasanayan at kakayahan ng kanilang lola.

Nagtapos si Michelle ng BS in Elementary Education noong kolehiyo ngunit pinili niyang magnegosyo. Sa pamanang iniwan ng kanyang lola, nagkaroon siya ng pagkakataong kumita habang kasama ang kanyang pamilya. "Nakipagsapalaran ako sa aming negosyo dahil gusto kong magkaroon ng kontrol sa aking oras at hindi matigil sa iisang trabaho," paliwanag niya.

Sa paglago ng kanilang mga pangarap para sa pamilya at negosyo, humingi sila ng tulong sa Department of Science and Technology (DOST) upang mas mapabuti ang kanilang produksyon. Mula sa mga *hand-operated* na makina, nagkaroon sila ng mga makabagong kagamitan at makinang nagpapabilis at nagpapadali sa kanilang produksyon.

Tulad ng ibang mga negosyo, sinubok rin sila ng mga hamon sa buhay tulad ng kakulangan sa puhunan, *inflation rate*, pagtaas ng kompetisyon sa merkado, at ang pandemya. Sa kabila ng mga ito, si Michelle ay nanatiling kalmado at positibo. Napagtagumpayan nila ang pandemya sa pamamagitan ng *online selling*.

"Sa lahat ng aming pinagdaanan, natuklasan ko ang sarili kong lakas, napagtanto na ang mga problema ay maaaring maging isang oportunidad at hindi inaasahang pagpapala," paliwanag ni Michelle. Sa tulong ng *online communities*, nagkaroon siya ng mas maraming mamimili hindi lang sa rehiyon ng Ilocos, dahilan ng pagtaas ng kanyang benta kahit nasa gitna ng pandemya.

Bilang bahagi ng kanilang *marketing strategy*, nagbibigay sila ng *discount* para sa maramihang *orders*, *promo* sa kanilang mga tapat na mamimili at *distributor* ng produkto. Binebenta nila ang kanilang longganisa sa halagang PHP 80.00 hanggang PHP 100.00 kada kilo batay sa laki, habang ang bagnet naman sa presyong *wholesale* na PHP 430.00 kada kilo.

Sa tagumpay ng kanilang negosyo, nakabili si Michelle ng sasakyan na ginagamit sa paghahatid ng kanilang mga produkto, napaayos ang kanilang bahay, natutugunan ang kanilang mga pangangailangan, at nakapagbibigay ng trabaho sa kanilang komunidad. Sa kabila ng matinding kompetisyon, napalawak nila ang kanilang merkado, kabilang dito ang National Capital Region, Baguio City, La Union, at ilang lugar sa Visayas at Mindanao.

"Hindi magiging posible ang tagumpay na ito kung wala ang suporta at tiwala na ibinigay sa amin ng CARD SME Bank, lalo't higit sa aking loan na umabot hanggang PHP 500,000.00 na aking ginamit para sa negosyo," aniya.

Sa tulong at suporta ng CARD SME Bank, nakabili si Michelle ng lupa kung saan itinayo niya ang kanyang mga pasilidad sa produksyon.

Payo ni Michelle sa mga taong nangangarap ng magandang bukas, "Kahit na maraming pagsubok ang dumaan, magpatuloy lang sa buhay. Manatiling matatag, mapagkumbaba, tapat, positibo, at laging tandaan na ang bawat problema ay may solusyon."

Sa mga susunod na taon, nais ni Michelle na makapagtayo ng isang malaking *storage facility* at ipilaganap ang mga ipinagmamalaki ng Ilokano sa mas maraming lugar sa bansa.

## CARD SME BANK ...

1




*Nasa larawan sina CARD SME Bank President at CEO Cynthia B. Baldeo, CARD SME Bank Vice President for Operations Anita F. Rapera, at CARD SME Bank Assistant Vice President for Operations Florence Castillo, kasama ang mga kawani ng CARD SME Bank.*

na may layuning maghatid ng *banking services* sa mga komunidad at matugunan ang mga pangangailangan ng mga kliyente sa abot ng makakaya nito.

4

## PAGSULONG TUNGO SA ...

2

*financial institutions* nito ang mga transaksyong pinansyal gamit ang *online platform*.

"Ang *digital financial inclusivity* para sa lahat ay aming prayoridad," pahayag ni Dr. Alip. "Nais naming ibahagi ang husay at kaalaman sa larangang ito dahil gusto naming magkaroon ng akses ang mga kliyente ng *microfinance* sa mahusay, malapit, at mabilis na serbisyo."

Nagbahagi naman ang CARD-MRI Development Institute (CMDI), ang *education arm* ng CARD MRI, ng kaalaman, kakayahan, at impormasyon sa *digital realm* ng organisasyon upang ipakilala ang CARD MRI *microfinance program* sa TYM sa loob ng tatlong araw na *exposure program*.

Nagkaroon ng kaalaman ang TYM sa mga tungkulin ng CARD MRI, kabilang ang mga pamamaraan sa pamamahala ng *digitalization* at pangangalaga sa mga kliyente nito.

"Ang mga produkto at serbisyo ng CARD ay ginawa para tulungan ang mga ordinaryong tao. Mula roon ay marami tayong matututuhan," ani Dao Thanh Trang. "Hinahangaan namin ang proseso ng institusyon at naniniwala ako na ang lahat ng ibinahaging kaalaman sa amin ay magiging kapaki-pakinabang."

Sa kanilang pagbisita sa mga sangay ng CARD MRI, pakikipanayam sa mga kliyente, pagmamasid sa transaksyong *digital* at ng *unit operations* ay naranasan ng TYM ang aktwal na pagpapatupad ng *digitalization* ng CARD MRI.


"Ang pagpapatupad ng *digitalization* ay nagpapakita ng mga paraan ng institusyon upang maabot ang mga kliyente para makita at maunawaan ang kanilang mga pangangailangan at sitwasyon," ani Dao Thanh Trang.

Kabilang sa ilang CARD MRI *digitalization* ay ang konek2CARD, isang *mobile banking app*; ang "E-Tanong Mo", isang *ChatBot* na tumutugon sa mga tanong ng mga miyembro, kawani, at CARD MBA coordinator; at OMS isang CARD MRI *monitoring tool*. Ang lahat ng ito ay naglalayong matugunan ang magkakaibang pangangailangan ng mga kliyente at kawani nito.

Gayundin, kasama ang TYM, ang *Road to Digitalization* ng CARD MRI ay ipinakita ng CARD MRI Information Technology, Inc. (CMIT), isang institusyon na dalubhasa sa mga *integrated technology solutions*.

Ang potensyal na epekto ng mga *digitalized* na produkto at serbisyo sa mga komunidad ng Vietnam ay ipinaliwanag ni Dao Thanh Trang, "Ang imprastraktura sa Vietnam ay patuloy sa pag-unlad, kaya't ang *digital microfinance* ay kinakailangan upang makatulong sa bawat kliyente ng MFI."

Kasunod ng *exposure visit* sa Pilipinas, nilalayon ng TYM na suriin ang kanilang APP, TYM Mobile, at gumawa ng mga pagsasaayos upang iangkop sa mga pangangailangan at kondisyon ng mga kliyente bilang isang paraan upang ipatupad ang *digitalization* sa Vietnam.




## CARD SME ...

1

"Ang pagbubukas ng bagong lokasyon nito ay magbubukas din ng pinto ng maraming oportunidad para sa mga kliyente na nasa Lungsod. Magkakaroon sila ng pagkakataong mag-avail ng mga produkto at serbisyo ng bangko na magbibigay suporta sa pagpapabuti ng kanilang pamumuhay at pagpapalago ng kanilang mga negosyo," sabi ng CARD SME Bank President and CEO Cynthia B. Baldeo.

Maaari nang bumisita at magtungo ang mga kliyente ng CARD SME Bank Lapu-Lapu Branch sa bago nitong lokasyon upang magsagawa ng kanilang transaksyong pambangko at matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

"Bukas ang pinto ng bagong tahanan ng CARD SME Bank Lapu-Lapu sa pagtanggap ng iba't ibang pangangailangan ng mga kliyente dahil aming karangalan ang unahin ang bawat kliyente sa anumang oras at sitwasyon," dagdag ni Baldeo.

Ang CARD SME Bank ay kasalukuyang mayroong 39 na sangay at naglilingkod sa 1,205,644 na kliyente sa buong bansa.




SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Dr. Edmund G. Centeno
Editor-in-Chief

Cyrene Grace DC. Lubigan
Managing Editor

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Berwyn Lloyd D. Buenaseda
Medel E. Valencia
Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Writers

Jean Pauline Landicho
Contributor